PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

5

# EPP

Unang Markahan – Modyul 2: Ikalawang Linggo

## Kahulugan at Pagkakaiba ng Produkto at Serbisyo

Vilma E. Kipkip at Marycris J. Barbaso



SMILE

SUPPORT MATERIAL FOR INDEPENDENT LEARNING ENGAGEMENT (SMILE)

A Joint Project of the
SCHOOLS DIVISION OF DIPOLOG CITY
and the
DIPOLOG CITY GOVERNMENT

**Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan – Ikalimang Baitang**
**Support Material for Independent Learning Engagement (SMILE)**
**Unang Markahan - Modyul 2: Kahulugan at Pagkakaiba ng Produkto at Serbisyo**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Vilma E. Kipkip at Marycris J. Barbaso
**Editor:** John Febb G. Vidal
**Tagasuri:** Jubie P. Belono-ac at John Febb G. Vidal
**Tagaguhit:**
**Tagalapat:** John Febb G. Vidal
**Tagapamahala:**

| | |
|---|---|
| Virgilio P. Batan | -Schools Division Superintendent |
| Jay S. Montealto | -Asst. Schools Division Superintendent |
| Amelinda D. Montero | -Chief Education Supervisor, CID |
| Nur N. Hussien | -Chief Education Supervisor, SGOD |
| Ronillo S. Yarag | -Education Program Supervisor, LRMS |
| Leo Martinno O. Alejo | -Project Development Officer II, LRMS |

**Inilimbag sa Pilipinas ng**

**Department of Education – Region IX – Dipolog City Schools Division**

Office Address: Purok Farmers, Olingan, Dipolog City

Telefax: (065) 212-6986

E-mail Address: dipolog.city@deped.gov.ph



# *Alamin*

Kumusta bata! Bagong aralin naman ngayon ang iyong matutunan. Ang modyul na ito ay isinulat at isinaalang-alang ang iyong kakayahan. Makatutulong ito para mabatid mong maigi ang kaalaman at mapupukaw ang iyong kaisipan at interes sa pagsagot sa mg tanong at mga gawain na may kinalaman sa aralin.

Gamit ng modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

1. Nakapapaliwanag  sa kahulugan at pagkakaiba ng produkto at serbisyo.



# *Subukin*

**Panuto: Basahing maigi ang bawat tanong o pahayag at isulat ang titik ng   tamang sagot  sa sagutang papel.**

1. Ito ay karaniwang likha ng mga kamay, makina o isipan.
   A. serbisyo  B. produkto  C. negosyo  D. kita
2. Ang __________ ay ang paglilingkod, pagtatrabaho o pag-aalay ng mg gawain na may kabayaran.
   A. serbisyo  B. produkto  C. negosyo  D. kita
3. Alin sa mga sumusunod ang halimbawa ng produkto?
   A. computer  B. pagtuturo  C. paggamot
   D. pananahi
4. Ang mga sumusunod ay napabilang sa serbisyong  propesyonal, maliban sa isa. Alin Ito?
   A. guro  B. abogado  C. dentista  D. electrician
5. Alin sa mga sumusunod ang wastong pares ng serbisyo at produkto?
   A. guro – bolpen
   B. mananahi – damit
   C. karpintero – basket
   D. doctor – computer program



# *Balikan*

**Ibigay ang hinihingi ng bawat tanong o pahayag. Isulat ang sagot sa sagutang papel.**

1. Ano ang pagkakaiba ng entrepreneur at entrepreneurship?

2. Ano – ano ang kanais-nais na katangian ng isang matagumpay na entrepreneur?

3. Magbigay ng mga halimbawa ng maliliit na negosyo na maaaring mapagkakikitaan sa tahanan at pamayanan.

# Aralin 2 Kahulugan at Pagkakaiba ng Produkto at Serbisyo



## *Tuklasin*

Sa araling ito, tatalakayin ang kahulugan at pagkakaiba ng produkto at serbisyo.



## *Suriin*

**Kahulugan at Pagkakaiba ng Produkto at Serbisyo**

Ang mga produkto ay karaniwang likha ng mga kamay o makina. Mayroon din namang likha ng isipan.

Halimbawa:

| Mga Produktong Likha ng: | | |
|---|---|---|
| Kamay | Makina | Isipan |
| hinabi<br>bag<br>basket | bolpen<br>Kotse<br>computer | pagsusulat ng libro o nobela<br>paggawa ng computer program |

Ang mga serbisyo naman ay ang paglilingkod, pagtatrabaho, o pag-aalay ng mga gawain na may kabayaran ayon sa iba't ibang kasanayan at pangangilangan sa pamayanan.

Ang sari-saring serbisyo ay nahahati sa iba't – ibang sector ayon sa uri ng kaalaman at kasanayang ipinamamahagi sa iba. Ilan sa mga sector na ito ay ang propesyonal, teknikal, at may kasanayan.

| Propesyunal (Professional) | Teknikal (Technical) | May Kasanayan (Skilled) |
|---|---|---|
| guro<br>doctor<br>nars<br>abogado<br>dentista<br>electrical engineer | electrician<br>computer<br>programmer<br>computer technician<br>aircraft mechanic | mananahi<br>sastre<br>karpintero<br>pintor<br>tubero<br>manikuresta |

Sa propesyunal na sector mabibilang ang mga hanapbuhay tulad ng pagiging guro, doctor, nars, abogado, at iba pa. Kailangang makatapos ng kurso sa kolehiyo at makapasa sa board o bar examination upang makakuha ng lisensya para makapaglingkod sa professional service sector.

Kailangan naman ng sapat na kaalaman at kasanayan para makapnglingkod sa sektor na teknikal at may kasanayan.



## *Pagyamanin*

Panuto: Isa-isahin ang mga hinihingi ng mga sumusunod. Isulat ang sagot sa kwaderno.

1. Pagkakaiba ng serbisyo at produkto.

   ______________________________________________

2. Magbigay ng tigtatlong halimbawa :

   a. Produktong Likha ng Kamay

   ____________________________

   ____________________________

   ____________________________

b. Produktong Likha ng Makina

________________________________________

________________________________________

________________________________________

c. Produktong Likha ng Isipan

________________________________________

________________________________________

________________________________________

3. Magbigay ng tigtatlong halimbawa :

a. Trabahong Propesyunal

________________________________________

________________________________________

________________________________________

b. Trabahong Teknikal

________________________________________

________________________________________

________________________________________

c. Trabahong may Kasanayan

________________________________________

________________________________________

________________________________________



# *Isaisip*

**Tandaan:**

- Produkto – ay karaniwang likha ng mga kamay o makina. Mayroon din namang likha ng isipan.

- Serbisyo – ay ang paglilingkod, pagtatrabaho, o pag-aalay ng mga Gawain na may kabayaran ayon sa iba't ibang kasanayan at pangangilangan sa pamayanan.

- Sa serbisyong propesyunal  mabibilang ang mga hanapbuhay tulad ng pagiging guro, doctor, nars, abogado, at iba pa.


- Sa serbisyong teknikal mabibilang ang mga hanapbuhay tulad ng pagiging pagiging electrician, computer programmer, computer technician, aircraft mehanic at iba pa.

- Sa serbisyong may kasanayan mabibilang ang mga mananahi, sastre, karpintero, pintor, tubero, manikuresta, at iba pa.



# *Isagawa*

Panuto: Sipiin ang organizer sa kwaderno. Isulat ang hinihingi ng mg sumusunod sa loob ng kahon





# *Tayahin*

**A - Panuto: Basahing mabuti ang bawat pangungusap/tanong. Isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.**

1. Alin sa mga sumusunod ang produkto ng isang karpintero?
   A. bag B. mesa C. basket D. sapatos

2. Anong serbisyo ang hatid ay kaalaman sa mga mag-aaral?
   A. Doktor B. Abogado C. Guro D. Dentista

3. Lahat ay mga trabahong kabilang sa sector na may kasanayan **maliban** sa isa. Alin ito?
   A. barbero B. electrician C. tubero D. pintor

4. Ang aklat o libro ay produktong likha ng ________________?
   A. kamay B. makina C. mata D. isipan

5. Sa _______________ na sektor kailangang makatapos ng kurso sa kolehiyo at makapasa sa board o bar.
   A. teknikal
   B. Propesyunal
   C. may kasanayan
   D. teknikal at may kasanayan

**B – Panuto: Isulat sa patlang ang serbisyo kung ang hatid ay serbisyo at produkto kung hatid ay produkto.**

_________________ 1. eraser
_________________ 2. pantalon
_________________ 3. sastre
_________________ 4. magazine
_________________ 5. technician

# Susi ng Pagwawasto

## SUBUKIN

1. B
2. A
3. A
4. D
5. B

## BALIKAN

Entrepreneurship – ay tumutukoy sa anumang aktibidad/gawain tungo sa pagtuklas ng mga paraan o paglikha ng produkto o serbisyo na maaaring mapagkakakitaan.

1. Entrepreneur – tumutukoy sa isang indibidwal/tao na nagsasagawa ng isang negosyo

2. Malakas ang loob, Maalam, Masikap, Maagap, Maabilidad, Masinop, May tiwala sa sarili, Maka-Diyos, Matulungin, Maunawain at Mlalahanin, Matiyaga, Matapat, Malikhain Masipag

3. sari-sari store, karinderya, buy and sell, barber shop, repair shop,

## PAGYAMANIN

Ang mga serbisyo ay ang paglilingkod, pagtatrabaho, o pag-aalay ng mga gawain na may kabayaran ayon sa iba't ibang kasanayan at pangangilangan sa pamayanan.

1. Ang mga produkto ay tumutukoy sa likha ng mga kamay o makina.

2.
   a. Produktong Likha ng Kamay - hinabi, bag, basket
   b. Produktong Likha ng Makina - bolpen, kotse, computer
   c. Produktong Likha ng Isipan - aklat, tula, computer program

1. 3. (Tatlo sa mga sumusunod )
   a. Trabahong Propesyunal – guro, doctor, nars, abogado, dentista, engineer
   b. Trabahong Teknikal – electrician, computer programmer, computer technician, aircraft mechanic
   c. Trabahong may Kasanayan – mananahi, sastre, karpintero, pintor, tubero, manikuresta

## ISAGAWA

**A.** produkto

Produktong Likha ng Kamay - hinabi, bag, basket, banig, mesa, at iba pa
Produktong Likha ng Makina - bolpen, kotse, computer, celpon, tractor
Produktong Likha ng Isipan - aklat, tula, computer program, magazine, awit

**B.** serbisyo

Trabahong Propesyunal – guro, doctor, nars, abogado, dentista, engineer
Trabahong Teknikal – electrician, computer programmer, computer technician, aircraft mechanic
Trabahong may Kasanayan – mananahi, sastre, karpintero, pintor, tubero, manikuresta

## TAYAHIN

| A. | B |
|---|---|
| 1. B | 1. produkto |
| 2. C | 2. produkto |
| 3. B | 3. serbisyo |
| 4. D | 4. produkto |
| 5. B | 5. serbisyo |

# *Sanggunian*


- Most Essential Learning Competencies (EPP5IE-Oa-2)
- Kaalaman at Kasanayan Tungo sa Kaunlaran (Batayang Aklat) p.6
- Kaalaman at Kasanayan Tungo sa Kaunlaran (Gabay ng Guro) p.10-11